**NAETISL**
National Association of Educational Translators and Interpreters of Spoken Languages

**MODDC**
Missouri Developmental Disabilities Council

# Pag-unawa sa Mga Serbisyo sa Transisyon sa Espesyal na Edukasyon: Isang Gabay

Funding for the Supporting Language Access in Schools Project in Missouri provided by the Missouri Developmental Disabilities Council, was supported by the Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) as part of a financial assistance award totaling $1,361,246 with 100 percent funding by ACL/HHS. The contents are those of the author(s) and do not necessarily represent the official views of, nor an endorsement, by ACL/HHS, or the U.S. Government.

# Pag-unawa sa Mga Serbisyo sa Transisyon sa Espesyal na Edukasyon: Isang Gabay

Ang mga serbisyo sa transisyon ay isang isinaayos na hanay ng mga aktibidad na idinisenyo upang matulungan ang mga mag-aaral na may kapansanan na magtransisyon nang maayos mula sa paaralan patungo sa buhay pagkatapos ng high school. Maaaring kabilang dito ang karagdagang edukasyon, trabaho, at malayang pamumuhay. Ang mga serbisyong ito ay bahagi ng Programa ng Edukasyon para sa Indibidwal (IEP) ng mag-aaral.

## Kailan nagsisimula ang mga serbisyo ng transisyon?

Sa ilalim ng Batas para sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA), ang pagpaplano ng transisyon ay dapat magsimula sa edad na 16 (o mas bata kung angkop) sa IEP. Gayunpaman, hinihikayat ng maraming estado ang mga paaralan na magsimula sa edad na 14.

## Ano ang layunin ng pagpaplano ng transisyon?

Ang layunin nito ay ihanda ang mga mag-aaral na may kapansanan para sa buhay pagkatapos ng high school. Kabilang dito ang:

- Edukasyon lagpas ng high school o pagsasanay sa bokasyon
- Trabaho (kompetitibo o suportado)
- Independente o suportadong pamumuhay
- Pakikilahok sa komunidad at mga serbisyo

## Sino ang kasali sa proseso ng transisyon?

Ang pagpaplano ng transisyon ay isang pagsisikap ng pangkat. Karaniwang ito ay kinabibilangan ng:

- Mga magulang o tagapag-alaga
- Mga guro ng espesyal at pangkalahatang edukasyon
- Mga tagapayo sa paaralan o mga koordinator ng transisyon
- Mga administrador ng paaralan
- Mga kinatawan mula sa mga ahensya ng serbisyo sa komunidad o para sa mga nasa hustong gulang (kung angkop)
- Ang pinakamahalaga, ang mag-aaral bilang pangunahing tagagawa ng desisyon

**Ano ang kasama sa isang plano ng transisyon?**

Ang plano ng transisyon ay bahagi ng IEP at dapat isama ang:

- Mga layunin pagkatapos ng high school, batay sa mga assessment na naaangkop sa edad sa mga larang na tulad ng edukasyon, pagsasanay, trabaho, at independenteng pamumuhay
- Mga serbisyo at aktibidad ng transisyon na makakatulong sa mag-aaral
- na maabot ang mga layuning iyon
- Kurso ng pag-aaral—ang magkakaugnay na hanay ng mga klase o karanasan na may kinalaman sa mga layunin ng mag-aaral.

**Anong mga uri ng serbisyo o suporta ang itinuturing na mga serbisyosa transisyon?**

Ang mga halimbawa ng mga serbisyo sa transisyon ay:

- Paghahanap ng trabaho at pag-aaral ng kaalaman na nakabatay sa trabaho (hal., mga internship o shadowing sa trabaho)
- Pagsasanay sa mga kasanayan sa buhay (hal., pagluluto, pagbabadyet, o paggamit ng pampublikong transportasyon)

- Tulong sa mga aplikasyon sa kolehiyo o bokasyonal na programa, sa panayam, at mga kasanayan sa pagsulat ng resume
- Pagtututo kung paano magtaguyod para sa sarili
- Pagkonekta sa mga ahensya ng serbisyo para sa may sapat na gulang (hal., rehabilitasyong pangbokasyon)

**Ano ang papel na ginagampanan ng mga magulang sa pagpaplano ng paglipat?**

Ang mga magulang ay kritikal na kapartner sa proseso. Maaari mong:

- Tulungan ang iyong anak na tumuklas ng kaniyang mga kakayahan, interes, at mga kalaunang layunin.
- Tulungang makaugnay ang iyong anak sa mga karanasan sa tunay na buhay (hal., gawaing bahay, mga trabaho, pagboboluntir)
- Kolaborasyon sa mga kawani ng paaralan at mga ahensiya sa labas ng paaralan

**Mayroon bang mga suporta pagkatapos ng high school?**

Kapag lumabas ang isang mag-aaral sa high school, tapos na ang mga proteksyon at serbisyo sa ilalim ng IDEA. Gayunpaman, may mga programa para sa mga nasa gulang—tulad ng Rehabilitasyong Pangbokasyonal (VR) o Mga Serbisyong Pangdisabilidad sa Development (DD)—na maaaring makapagbigay ng patuloy na suporta.

**Paano kung hindi nagpaplano ang aking anak na pumunta sa kolehiyo?**

Ang plano ng transisyon ay dapat sumalamin ng mga indibidwal na lakas at kagustuhan ng iyong anak, kung ito man ay naglalaman ng:

- Pagtatrabaho na may suporta
- Paaralan ng kalakalan
- Mga programa sa araw na nakabase sa komunidad
- Pamumuhay na nakapag-iisa o may suporta
- Gawaing boluntaryo o iba pang makabuluhang aktibidad

**Ano ang dapat kong gawin ngayon bilang isang magulang?**

Narito ang ilang mga hakbang na maaari mong gawin:

- Tanungin ang iyong koponan ng IEP kung kailan magsisimula ang pagpaplano ng transisyon (o hilingin ito nang mas maaga)
- Hikayatin ang iyong anak na lumahok sa mga pagpupulong ng IEP
- Siyasatin ang mga kasanayan sa karera at pamumuhay na kasama ang iyong anak sa bahay
- Alamin ang tungkol sa mga serbisyon para sa mga nasa gulang at mga resources sa komunidad.
- Manatiling maalam at kaabay—ito'y isang paglalakbay.

Ang pagpaplano ng transisyon ay tungkol sa pagbibigay-kapangyarihan sa iyong anak na bumuo ng isang makabuluhang buhay bilang isang taong nasa gulang. Mas maaga kang magsimula, mas maige siyang maiahahanda para dito.

**Maaari ba akong makakuha ng tulong sa transisyon sa labas ng paaralan gamit ang aking wika?** Ang mga ahensya ng serbisyong panlipunan ay karaniwang nagbibigay ng serbisyo para sa paggamit ng mga wika. Magtanong kung paano ka makakahiling ng isang tagasaling-wika.

Maaari mo ring hilingin sa pinuno ng koponan ng IEP na anyayahan ang mga kinatawan mula sa ahensya ng serbisyong panlipunan na maaaring makipagtulungan sa iyo sa hinaharap. Ang interpreter sa pagpupulong ng IEP ay maaaring makatulong sa komunikasyon.